CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 10, 2021
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Lungsod ng Long Beach Mag-aalok ng Janssen (Johnson & Johnson) Single-Shot na Bakuna

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay nakatanggap ng kauna-unahang kargamento ng bakunang Janssen COVID-19 noong nakaraang linggo, na nagbibigay-daan sa Lungsod na makapagbigay ng mas maraming bakuna na nakakasagip ng buhay sa mga taong nakatira at/o nagtatrabaho sa Long Beach.

"Nasasabik kaming makatanggap ng bakunang J&J," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Papayagan kami nito na mapalakas pa ang aming outreach sa bakuna at magbibigay ng pagkakataon sa mga taong naghahangad na mabakunahan ng isang solong dosis."

Ang unang paglalaan ng bagong bakunang ito sa Lungsod, na ginawa ng Janssen, isang parmasyutikong kumpanya na pagmamay-ari ng Johnson & Johnson, ay naglalaman ng 4,100 na dosis.

Ang bakunang Janssen, na naaprubahan para magamit para sa mga taong may edad na 18 taong gulang pataas, ay napatunayan na lubos na nakakapagbigay proteksyon laban sa matinding sakit at pagkamatay ng COVID-19. Dahil ang bakunang ito ay nangangailangan lamang ng isang solong dosis at hindi gaanong sensitibo sa temperatura kaysa sa inalok ng Pfizer at Moderna, ito ay magiging isang mahalagang paraan sa pagbabakuna sa mga komunidad ng Lungsod, kasama na ang mga klinika ng pagbabakuna ng masa sa Convention Center pati na rin sa mobile na programa sa pagbabakuna ng lungsod. Ang eksaktong iskedyul para sa pagbabakuna gamit ang Janssen ay depende sa pagkakaroon ng bakuna.

"Ang bakunang ito ay ligtas at mabisa," sabi ng Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod ng Long Beach na si Dr. Anissa Davis. "Inaanyayahan ko ang lahat na kumuha ng bakunang ito kung inaalok; ito ay isang mabilis na pagpipilian ng isang dosis na makakapigil ng matinding karamdaman at kamatayan. Ang pinakamahusay na pagbabakuna na kunin ay ang bakunang naa-access mo."

Masigasig na nagtatrabaho ang Lungsod upang makapagbigay ng maraming bakuna hangga't maaari. Noong Enero, inilunsad ng Lungsod ang isang kilinika sa pagbabakuna ng masa sa Long Beach Convention Center upang ipamahagi ang mga bakuna at noong Pebrero, ang Kagawarang ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ng Long Beach ay nagsimulang magsagawa ng mga klinikang pagbabakuna bilang bahagi ng isang outreach na programa na nagbabakuna sa mga tao sa mga kapitbahayang pinaka-naapektuhan ng COVID-19 sa pamamagitan ng mga mga maliliit, na mga klinika na nakabase sa komunidad.

Pinapaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na magpatuloy sa pagsasagawa ng lahat ng mga protokol sa kalusugan at kaligtasan, kasama na ang pagsusuot ng panakip ng mukha at pagpapanatili ng tamang pisikal na distansya mula sa iba, kahit na nakatanggap na sila ng mga pagbabakuna ng COVID-19.

Sa ngayon, mayroon nang 51,584 na mga COVID-19 na kaso sa Long Beach at 869 katao ang namatay dahil sa virus. Mahigit sa 139,000 na mga bakuna ang naibigay, na kinabibilangan ng higit sa 93,000 mga unang dosis at higit sa 46,000 mga pangalawang dosis.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###